

Rebyu

Ang *Balager* at ang *Maqueda* sa Mga Alimpuyo ng Isla

Ni Niles Jordan Breis, M.A.

Kilala ang *island-province* ng Catanduanes bilang *Land of the Howling Winds* o pook ng maaalimpuyong hangin. Nakatatakot ang pagsipol, nangangalit at iwinasiwas ang mga nakahambalang lalo't kung may *super typhoon*.

Catanduanes mismo ang nasa sentro ng dalawang aklat ng kapwa Bicolanong sina Emman Barrameda at Nap Arcilla, at ang mga akda ay pareho ring nilimbag at inilunsad ng *Balangay Productions* nitong Setyembre 12, 2020.

Isang kalipunan ng mga personal na sanaysay ang *Balager* at bagama't hindi lamang ang Catanduanes ang lokasyon dito na binabanggit ng awtor, masasabing ang kabuuan ng aklat ay nakaugat pa rin sa naturang isla. Ang salitang *balager* ay patungkol sa salitang Bikol na *balag-balag* o sa wikang Filipino, ito ay nangangahulugan din ng “paglalagalag”.

Mas tahimik na mga alimpuyo ang matatagpuan sa *Balager*, mga alimpuyo ng sarili at para sa mga mahal sa buhay at iba pa, sa salimuot ng mga relasyon o kawalan nito, sa mga desisyong pinanindigan o tila binalewala lamang, sa mga pilit kinalimutan o binabalik-balikan. Sa akdang ito, Si Barrameda mismo ang naglalagalag—palaboy tila sa umpisa at nakatuon noon sa ilang mabababaw na bagay hangga't ang paglalagalag ay humantong sa isang paglalakbay na may mga nais tiyakin, nais linawin kahit pa nga di naman lahat mauuwi sa inaasahang kaayusan o kaligayahan. Halata ngang mas matining at timpi ang boses ng awtor sa halos lahat ng sanaysay na kabilang dito, higit sa mga piling eksena na parang mga tagpo sa isang pelikulang mas simboliko ang mga imahen sa halip na mga hayagang paglalarawan. Lutang ang pagiging mananalaysay dito ng awtor na minsan na ring ginawaran ng *National Book Award* para sa kanyang aklat ng maiikling kuwento, ang *P'wera Bisita*.

Samantala, may kakaibang pagpupuyos naman ang *Maqueda* ni Napoleon Arcilla o Nap Arcilla at walang duda na ang aklat na ito ay sandosenang kuwento na may kalaputan kung baga. Tumutugma ito sa minsang nabanggit ng awtor na ang mismong kalipunan ay hindi isang romantikong pananaw-mundo ukol sa buhay-dagat sa isla ng Catanduanes at lahat ng kaugnay pang paksa. Aniya, kung mayroong isang salita na magsisilbing buod, ito raw ay “nasa” o pagnanasa dahil nga ang bawat kuwento ay may malalim na pag-aasam kung kaya’t mga alimpuyo ng marurubdob na salaysay ng mga tunggaliang pisikal o lampas-katawan ang itinatampok dito. At tila walang pakundangan si Arcilla sa wika at mga limitasyong malimit na idinidikta ng lugar o mga nakasanayang asal. Para sa may-akda, personal na paborito niya ang “Baraka” dahil sa emosyonal na dahilan at “Ang Lalaking Nakipagtalik sa Taraungan” para naman sa pagiging sekswal. Gustuhin, kung tutuusin, ng marami ang huli dahil sa magkahalong bulgar at may empatiyang anggulo, sabihin pang may mga nagugulat sa mararahas na detalye umano ng awtor.

Si Arcilla ay nagsimula bilang *fellow* sa *Saringsing Writers’ Workshop* sa Buhi, Camarines Sur para sa Bikol bago pa siya natanggap sa mga pambansang palihan at kinalaunan ay nagwagi sa mga timpalak-pampanitikan sa Bikol man o Filipino at sa mga categoryang tulad ng tula, kuwento at dagli. Pareho sila ni Barrameda na matatas sa Bikol at Filipino at kapwa rin sila kabilang sa *Bilog Writers’ Circle*, isang aktibong grupo ng mga manunulat sa Catanduanes. Si Barrameda na nanalo rin noon ng *Kabulig Writers’ Prize* sa Bikol ay nagsisimula na ring magsulat ng nobela.

Ang *Balager* at ang *Maqueda* ay dalawa lamang sa maituturing na mga natatanging akda sa Filipino para sa 2020. At hindi mahirap itong paniwalaan matapos mabasa ang mga nasabing aklat.